AS FOR **ME** AND MY **HOUSE**

# Pagpapalaki nang may Misyon sa mga Bata sa Tahanan: Ang Kwento Nina Luisa, Eunice, at Timoteo

**WEEK 3**

## WARM-UP

- Magbahagi ng mga lumang larawan ng iyong mga magulang at pamilya. Ano ang mga pagkakatulad at kaibahan mo at ng mga taong mas matanda sa iyo?
- Isipin ang isa sa mga magagandang kagawian na natutunan mong gawin simula pakabata. Sino ang nagturo nito sa iyo at paano nabuo sa iyo ang kagawiang ito?
- Naranasan mo na bang magkaroon ng isang *coach* o tagasanay sa isang sport o trabaho? Ano sa palagay mo ang nakita nila sa iyo na hindi mo nakita sa sarili mo?

## WORD

*Hindi ko makakalimutan ang tapat mong pananampalataya tulad ng nasa iyong Lola Luisa at ng iyong inang si Eunice, at natitiyak kong nasa iyo rin ngayon.* **2 TIMOTEO 1:5**

(Basahin din ang **MGA GAWA 16:1–5.**)

Habang ang ebanghelyo ay ipinapangaral sa mga Judio at hindi Judio, ang sinaunang iglesya ay patuloy na dumami. Mas mahalaga pa rito, ang iglesya ay mas nagkaroon ng maka-Diyos na katangian at pagnanais na ipangaral ang ebanghelyo. Ito ang nagtakda ng pundasyon para sa mga pamilyang Kristiyano at naging batayan para sa mga susunod na henerasyon. Ngayon, titingnan natin kung paano pinangalagaan ni Timoteo at ng kanyang pamilya ang isang pamumuhay nang may pananampalataya na makikita sa iba't ibang henerasyon na gumawa ng pagbabago sa kanilang tahanan at sa mundo.

## 1 Ang pagdidisipulo ay nagsisimula sa tahanan.

*Hindi ko makakalimutan ang tapat mong pananampalataya tulad ng nasa iyong Lola Luisa at ng iyong inang si Eunice, at natitiyak kong nasa iyo rin ngayon.* **2 TIMOTEO 1:5**

Sinimulan ni Pablo ang pagbati sa kanyang liham sa lugar kung saan nagsimula ang pananampalataya ni Timoteo—sa tahanan. Nakita ni Pablo kung gaano kahalaga sa isang pamilya ang pagkakaroon ng kultura na may takot sa Diyos. Totoo pa rin ito sa atin ngayon. Bilang mga tagasunod ni Cristo, pangunahing responsibilidad ng mga magulang na palakihin ang kanilang mga anak nang may tamang pagkaunawa sa kung sino ang Diyos at paniniwala sa Kanya. Kailangang marinig ng mga bata ang ebanghelyo at makita itong naisasapamuhay sa tahanan bago pa nila ito marinig sa iba. Ito ay magdudulot ng progresibong paglalakbay sa pagdidisipulo sa pamilya. Ano ang sinasabi ni Pablo sa 2 Timoteo 3:14–15 tungkol sa kahalagahan ng pagtatatag sa mga bata sa salita ng Diyos?

## 2 Ang pagdidisipulo sa tahanan ay kapaki-pakinabang sa mga henerasyon.

*Hindi ko makakalimutan ang tapat mong pananampalataya tulad ng nasa iyong Lola Luisa at ng iyong inang si Eunice, at natitiyak kong nasa iyo rin ngayon.* **2 TIMOTEO 1:5**

Bagama’t si Timoteo ang binati ni Pablo, kinilala rin niya ang lola ni Timoteo na si Luisa at ang kanyang ina na si Eunice sa ginawa nilang pagtatatag ng pundasyon ng pananampalataya sa pamilya. Masasabi nating pinalaki at dinisipulo ni Lola Luisa si Eunice, na siya namang nagpasa ng kanyang mga pagpapahalaga kay Timoteo. Dahil dito, hindi lamang isang tao ang gumabay at tumulong kay Timoteo na palaguin ang kanyang pananampalataya bago pa man magsimula ang pagmiministeryo niya kasama ni apostol Pablo. Sa pamamagitan man ng isang bata o isang magulang na nagkamit ng karunungan sa paglipas ng panahon, may kakayahan at katiyakan na kikilos ang salita ng Diyos upang tubusin ang

puso ng mga nagmamahal sa Kanya. Sa palagay mo, paano naipapasa ang isang tapat na pananampalataya sa susunod na henerasyon?

## 3 Ang pagdidisipulo ay lumalabas sa tahanan at nagbibigay ng pagpapala sa komunidad.

*[2]Ayon sa mga kapatid doon sa Lystra at sa Iconium, si Timoteo ay mabuting tao. [3]Gusto ni Pablo na isama si Timoteo, kaya tinuli niya ito para walang masabi ang mga Judio laban kay Timoteo, dahil ang lahat ng Judio na nakatira sa lugar na iyon ay nakakaalam na Griego ang ama nito. . . . [5]Kaya lalong tumibay ang pananampalataya ng mga iglesya, at araw-araw ay nadadagdagan pa ang bilang ng mga mananampalataya.*

**MGA GAWA 16:2–3, 5**

Ang pagdidisipulo kay Timoteo sa tahanan ay hindi lamang nakaapekto sa kanyang pamilya. Labis din nitong naapektuhan ang kanyang ministeryo. Ang mga pagpapahalaga na naitanim kay Timoteo na nilinang ng mga naunang henerasyon ay nakatulong sa pagpapalaganap niya ng kaharian ng Diyos at nagdulot ng paglawak ng sinaunang iglesya. Nagawa ni Pablo, isang kilalang tao sa sinaunang iglesya, na ipangaral ang ebanghelyo sa maraming mga bayan, at si Timoteo ay naka-impluwensya rin dito. Ito ang dahilan kung bakit natin pinahahalagahan ang pamilya. Kapag aktibo nating dinidisipulo ang susunod na henerasyon sa ating tahanan, ang komunidad na kinabibilangan natin ay pagpapalain din. Sa palagay mo, bakit tinuruan ni Pablo ang isang mas batang lalaki sa halip na ang isang mas may karanasan na?

## APPLICATION

- Ano ang pananaw ng iyong lipunan sa pagtatatag ng pamilya? Ano ang kaibahan sa pagitan ng mga pamilyang sumusunod sa pamantayan ng mundo at sa mga sumusunod sa pamantayan ng Diyos?
- Sino ang ilan sa mga taong nagdisipulo sa iyong mga pagpapahalaga at paniniwala? Paano mo maipapakita ang iyong pasasalamat sa kanila ngayong linggo?
- Isipin ang isang tao na hindi pa nakakakilala at naniniwala kay Jesus. Paano mo magagawang makipag-ugnayan at maipangaral sa kanya ang ebanghelyo?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos sa pagtatatag ng mga maka-Diyos na pamilya at komunidad. Pasalamatan Siya para sa pagkakataong madisipulo at makapagdisipulo ng iba.
- Pasalamatan ang Diyos para sa iyong pamilya. Pasalamatan Siya dahil sa kabila ng inyong mga kamalian bilang isang pamilya, nakatulong ito upang ikaw ay maging kung sino ka man ngayon.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng pagmamahal sa susunod na henerasyon sa inyong tahanan at komunidad. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng malinaw na pangitain kung paano Niya nais na maging sentro ng iyong pamilya.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Madel Vanguardia

victory.org.ph